

Artemio Aranas: Panukalang Salin sa Filipino ng Isang Sugilanon ni Vicente Rama at ang English Translation Dito ni Rudy Villanueva

*Artemio Aranas: A Filipino Translation of a Sugilanon
by Vicente Rama and its English Translation by Rudy Villanueva*

JEFFREY A. ASUNCION

ABSTRAK

Ang “Artemio Aranas” ay isang maikling kuwento (*sugilanon*) sa Sugbuanong Binisaya na inakda ni Vicente Rama, kuwentista, peryodista, at politiko mula Cebu. Isinalin ang “Artemio Aranas” sa Ingles ni Renato Madrid, ang sagisag-panulat ni P. Rodolfo Villanueva, at kasama sa mga salin na inilabas sa isang kalipunan noong 2003. Nakapaloob ang kuwento sa kontekstong historikal ng epidemya ng kolera na tumama rin sa Cebu at ibang bahagi ng Pilipinas noong unang dekada ng siglo 20. Iyan ang tatalakayin sa unang bahagi ng papel. Mapapansin sa naratibo ang tunggalian ng tradisyonal na paniniwala at ng mga “bago” noong konsepto na hatid ng medisina ng Kanluranin na dinala ng mga mananakop noong Amerikano. Bukod pa rito ang tunggalian sa pagitan ng nakatatanda at mga kabataan, sa loob ng mga pagbabago sa politika, mga wikang opisyal, at kultura sa kapuluan. Kapansin-pansin din ang pagpaksa ng kuwento sa maling pagpapalaganap ng impormasyon umano ng ilang pahayagan sa Cebu at ang pagmamatigas ng ilang mamamayan ng bayan sa harap ng isang epidemya. Ipinapanukala ng may-akda ang salin sa Filipino ng kuwento upang higit na maipaabot sa mga mambabasa na walang *access* sa orihinal na Sugbuanong Binisaya o saling Ingles. Babanggitin din ang ilang suliranin at siwang sa pagsasalín, lalo na at may mediasyong isinagawa ang Ingles sa pagsasalín ito.

Susing salita: Vicente Rama, salin, translation, kathang pangkasaysayan, cholera

ABSTRACT

“Artemio Aranas” is a short story or *sugilanon* in Sugbuanong Binisaya. It was written by Vicente Rama: fictionist, newspaper editor, and politician from Cebu City, Cebu. “Artemio Aranas” was translated into English by essayist-fictionist Renato Madrid (*nom de plume* of Fr. Rodolfo Villanueva) and was among those rendered into that language in a compilation of Rama’s works released in 2003. The short story was situated during one of the cholera epidemics that hit Cebu in the 1900s. That context will be discussed in the first part of the paper. One can notice in the narrative the tensions between “modern, scientific” knowledge in medicine that were brought by American occupiers and the traditional beliefs being held by the Cebuanos during at that time. There were also tensions between the “older” and “younger” generations that broke out amid the political, cultural, and linguistic changes raveling in the archipelago during those times. “Artemio Aranas” also features the perceived misinformation by some newspapers in Cebu on the epidemic and the bull-headedness of some people in that capital of Cebu province. This author recommends a Filipino translation of “Artemio Aranas” in order to make the story more accessible to readers who do not have a copy, either of the Sugbuanong Binisaya original or of the English translation. The challenges in making this translation will also be mentioned.

Keywords: Vicente Rama, translation, creative history, cholera

INTRODUKSIYON

Napapanahong balikan ang akdang ito sa kalagitnaan ng CoViD-19 pandemic. Hindi pangkaraniwan ang pandemyang ito sapagkat nitong siglo 21 naitala ang mga pagkalat ng sakit na kaugnay ng mga uri ng coronavirus. Gayumpaman, pagkakataon ang nararanasang pandemya para sipatin muli ang mga naratibo patungkol sa mga naunang epidemya sa Pilipinas. Hindi lamang mga pangyayari ang marapat pag-aralan muli; bagkus, kailangan ding tignan ang pananaw sa mga sakit na nakapaloob sa mga tekstong naisulat noong mga panahong iyon. Sa aspektong heograpikal, marapat balikan ang pananalanta ng kolera sa Kabisayaan lalo na at itinuring nitong Hulyo 2020 ang Cebu City bilang isa mga lugar na tumataas ang kaso ng CoViD-19 at mayroong mga paghihigpit sa siyudad nitong Nobyembre 2020 gawa ng naiulat na panibagong mga kaso. Naitala na ng mga Kastila, Amerikano, at Pilipinong mananalaysay ang pagputok ng mga epidemya sa kasaysayan ng Pilipinas. Subalit, mahalaga ring tingnan ang mga saloobin at emosyong naramdaman ng mga tao sa panahong iyon ng pagkalat ng sakit. Isang paraan ay ang masusing pagbasa ng mga akdang pampanitikan noong mga panahong iyon, at mainam din ang pagsasalin ng mga kathang nasusulat sa mga wikang Pilipino tungong Filipino. Ipinapanukala ng may-akda ang salin sa Filipino ng kuwento upang higit na maipaabot sa mga mambabasa na walang akses sa orihinal na Sugbuanong Binisaya o saling Ingles. Magiging target sa salin ang *English translation* ni Renato Madrid / Rudy Villanueva, bagamat isasangguni rin ang orihinal na Sugbuanong Binisaya ni Rama. Akin itong isinagawa dahil mas pamilyar ako sa Ingles na *translation* ni Madrid/Villanueva. Babanggitin din ang ilang suliranin at siwang sa pagsasalin, lalo na at may mediasyong isinagawa ang Ingles sa pagsasaling ito.

ANG KATHANG PANGKASAYSAYAN: REPRESENTASYON NG EMPIRIKAL

Matapos ang dalawang siglong mahigit na pamamayani ng mga tekstong debosyonal at pasalitang panitikan, naging laganap na naratibo sa panitikang Sugboanon noong unang tatlong dekada ng siglo 20 ang tinatawag na kathang pangkasaysayan o *historical fiction*. Ito ay isang *genre* ng mga naratibo na bagamat piksiyonal, ay nakalunan naman sa isang partikular na panahon at pook at bumabanggit ng ilang aktuwal na historikal na pangyayari. Sa kaniyang pambungad sa pagsuri sa tatlong nobelang pangkasaysayang Sugbuanong Binisaya, idiniin ni Erlinda K. Albuero ang kahalagahan ng kathang pangkasaysayan bilang batis sa pag-aaral sa mga pananaw tungkol sa mga pangyayari sa nakaraan (482):

Historical fiction itself, which differs from historical accounts in textbooks, is an interesting source for the study of history because it depicts not only the events but also the attitudes and feelings the characters in the novel display (or, more accurately, are imagined to display) toward those events. From the writer’s perspective, the narrative impulse comes from the desire “to order and arrange phenomena in an understandable form” (Albuero 482).

Ayon naman sa kabuuang pagtaya ni Resil Mojares, sa kasaysayang heneriko ng mga nobela, ang mga akda ni Rama ay pawang “salamín” ng mga sakit ng lipunan ng kaniyang panahon (Mojares-a 309). Mapapansin din ang pagdiin ni Rama sa pagpapanatili ng moralidad ng mas bagong henerasyon sa Cebu sa gitna ng pagdagda ng kulturang Amerikano (Mojares-a 309). Naniniwala rin si Rama sa importansiya ng pagiging *mapuslanon* o utilidad ng katha para sa paglahad ng mga saloobin sa lipunan (Mojares-a 309).

Ilang maihahalimbawa ng kathang pangkasaysayan para sa wikang Sugbuanong Binisaya ay ang mga akda ng dalawang “Vicente:” Vicente Yap Sotto at Vicente Rama. Masasabing sangay ang kathang pangkasaysayan ng tinatawag na *social realism*, o mga kathang tumatalakay sa mga usaping panlipunan, pangkultura, o pampolitika. Kung tutuusin, laganap ang paggamit ng *social realism* sa mga panitikan noong huling bahagi ng siglo 10 at unang mga dekada ng dantaon 20: mula sa *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Jose Rizal, sa *Banaag at Sikat* ni Lope K. Santos ng Pasig at ang mga akdang nobela sa Tagalog ni Gabriel Beato Francisco ng Sampaloc, Maynila. Ayon kay Mojares, nagkasalubong sa kaso ng mga nobelang bernakular ang mga tendensiyang empirikal o mimetiko at mga bisang naipamana ng mga naratibong kolonyal (Mojares-a 184). Ibig sabihin, makikita sa mga akdang iyon ang mga detalyeng halaw sa tunay na buhay at iyong mga ginaya lamang sa mga huwarang karakterisasyong makikita sa mga *romance metrica* o *manual de urbanidad*. Nakatulong din sa pag-uswag ng mga nobela, sa Kastila man o sa mga bernakular, ang paglaganap ng mga palimbagan sa Maynila, Vigan, Iloilo, Albay, at Cebu. Dumami ang mga pagkakataon para makapag-imprenta ng mga aklat ang mga manunulat sa panahong 1870s-1900s.

Subalit, naging kasangkapan naman ni Vicente Rama ang panitikan at prensa para sa paglalahad ng kaniyang mga kaisipang moral at komentaryong politikal o panlipunan. Mahalaga sa kasaysayan ng mga peryodiko sa Cebu ang diyaryong *Bag-ong Kusog* (*Bagong Lakas*) ni Rama, na ikalawa at mas nagtagal sa mga pahayagang kaniyang ipinundar (Mojares-b 11). Nagbukas ang *Bag-ong Kusog*, noong 1915 bilang *biweekly*, at paglaon *triweekly*. Sa una ay katambal ng Kastilang *Nueva Fuerza*. Sa loob ng 27 taong pag-iral nito, dominanteng peryodikal sa Cebu ang ang *Bag-ong Kusog*. Isinaad pa ni Mojares (b).

It was founded at a time when a genuine crusading spirit energized journalism

and journalists practiced their craft with high confidence that writing was a potent instrument for social change. Read today, Bag-ong Kusog can be appreciated for the raw immediacy with which it communicated the varied fashions and passions of the day. Its pages are a treasure trove for social historians, a veritable transcript of what interested early-twentieth century readers—the challenges of political and economic independence, education and morals, workers’ rights and women’s suffrage, corruption and crime. The magazine also had a distinctly literary bent, publishing novels, short stories, folklore, and poetry. It was an important medium for the flourishing of Cebuano letters in the first decades of the century. Rama was not just a publisher. In and out of Bag-ong Kusog, he was a prolific writer of novels, short stories, poems, and editorials, columns, and essays. What is most striking about his writings is their contemporaneity (11).

Idiniin ko ang huling pangungusap ni Mojares (b) upang idiin ang ugnayan ng kuwentong Artemio Aranas sa kasalukuyang pandemya at pananalanta nito pati sa Cebu City.

Marapat ding tandaan na kaalinsabay sa pagpapatakbo ni Rama ng *Bag-ong Kusog* ay ang pag-angat niya sa politika sa Sugbo. Naging konsehal ng munisipalidad ng Cebu noong 1916, naihalal pa si Rama na kinatawan ng ikatlo at ikaapat na distrito ng probinsiya ng Cebu mula 1922-1934. Hinirang naman siya ni Pres. Manuel Quezon bilang alkalde ng siyudad ng Cebu noong 1938 nang ito ay gawing isa sa mga *chartered cities* sa panahon ng Komonwelt, at nahalal pang senador noong 1941. Mahalaga sa kasaysayan ng siyudad si Rama yamang siya ang kinikilalang nagtaguyod ng batas para gawing *city* ang Cebu.

ANG MGA EPIDEMYA NG KOLERA HANGGANG 1910

May mga naitala nang pagkalat ng mga sakit sa mga unang siglo ng kolonyalismong Kastila sa Kabisayaan. Mayroon ding mga pagkabawas ng populasyon sa Kabisayaan, lalo na sa Cebu noong dekada 1570, gawa ng pangangamkam ng mga Kastila at ang paglikas ng mga Cebuano mula sa kanilang mga pamayanan; subalit walang sinabi kung ito ba ay dulot din ng malawakang pagkalat ng sakit (Newson 71). At ayon pa sa pagtataya, ang mga sakit na karaniwang

matatagpuan sa kapuluan sa pagdating ng mga Kastila ay malaria, ketong, tuberculosis, at *treponemal infections* (Newson 14). Gayunman, problematiko ang pagturok kung gaano kabilis ang pagkalat ng ilang mga sakit sa kapuluan noon. Bagamat maaaring naipalaganap ang mga sakit noong sinaunang panahon dulot ng pag-iral ng ilang *trading network*, hindi ganoon kadali ang pagkalat yamang kalat-kalat ang populasyon at mabagal pa ang ugnayan sa pagitan ng mga pulo (Newson 20).

Unang dumating ang kolera sa malawakang antas sa Pilipinas noong 1820, partikular sa Maynila. Tumama pa rin ito ng 12 beses sa kabuuan ng siglo 19 (Francia 5-6) at sa unang dekada ng siglo 20. Sa pangkalahatan sa kapuluan, lumaganap ang epidemya ng kolera sa sumusunod na panahon: 23 Marso 1902 – 8 Marso 1904; 20 Agosto 1905 hanggang 29 Abril 1907, at mula 22 Hulyo 1907 hanggang sa taon ng pagsulat ng kasaysayan ng kolera ni Dean Worcester noong 1908 (Worcester 44). Nanalanta naman ang kolera sa Kabisayaan noong 1882 (Panay) at noong 1902-1903, 1 Setyembre 1906 – 29 Abril 1907, 22 Hulyo – 1 Oktubre 1907, at 17 Marso - Nobyembre 1908 (Worcester 44). Subalit, paglilina pa ni Mactal, mas masasabing natapos ang huling yugto ng kolera sa Kabisayaan noong Enero hanggang Hulyo, 1910 (Mactal 92). Mailalarawang epidemya ang mga paglaganap ng kolera sa dekada 1900. Ani Mactal, bunsod ito ng maraming naitalang kaso at “napakataas ng porsiyento ng namamatay sa bawat kaso ng dinapuan ng sakit ng kolera (92).” Bukod pa rito, malawakan ang naging pananalanta ng kolera sa maraming parte ng kapuluan (Mactal 92). Noong 1902 naman, unang nairekord ang epidemya ng kolera sa Samar at Leye bago kumalat sa Cebu at Bohol.

Suliranin naman noong 1902-1903 ang kalayuan ng Kabisayaan mula Maynila at ang pagkakaroon ng patakaran mula dito na di akma sa kalagayan ng nasabing rehiyon. Sa madaling sabi, ang Manila-sentrismo na pamamaraan at pamamalakad ng mga Amerikano (Mactal 109). Bukod pa rito, may kakulangan sa mga personnel na maaaring mangasiwa sa sitwasyon (Mactal 110).

Ang nasabing sakit ay dulot ng *Vibrio cholerae bacterium* na pumapasok naman sa maliit na bituka ng isang biktima kapag nakainom ito ng maruming tubig (De Bevoise 5). Matapos nitong makapasok sa maliit na bituka, magdudulot ang *Vibrio cholerae* ng “madalas na diarrhea at pagsusuka, na magreresulta sa mabilis at malalang pagkasaid ng mga *bodily fluids and salts*” (De Bevoise 165). Bagamat tinangka ng ilang opisyal na pigilin ang pagkalat nito, sila

ay nabigo. Mula Zamboanga at karatig na mga isla, kumalat ang kolera patungong Capiz bago umabot ng Maynila. Sinuspinde ang mga klase sa Unibersidad ng Santo Tomas at pinauwi ang mga mag-aaral, habang isinailalim sa kuwarantenas ang mga barko na bumibiyahe mula Maynila patungong Laguna de Ba'i.

Pero, paano masasabing epidemya ang pagkalat ng isang partikular na sakit? Ayon sa World Health Organization (WHO), masasabing pumutok ang epidemya sa isang pamayanan o rehiyon kapag lumalabis sa inaasahang dami ang pagkakaroon ng “mga sakit, espesipikong pagkilos na kaugnay sa kalusugan (“*specific health-related behavior*”) o iba pang mga pangyayaring may kaugnayan sa kalusugan” (WHO w.p.). Dagdag pa ng pandaigdigang organisasyon na ito, kinakailangan sa pagdeklara ng isang epidemya ang tumpak na pagtukoy sa pamayanan at rehiyon kung saan may hindi pangkaraniwang pagdami ng sakit, pati ang panahon kung kailan nangyayari ito (WHO w.p.). Ang dami ng mga kaso na indikasyon sa isang epidemya ay nag-iiba, depende sa “*agent*, laki, at uri ng populasyong nalantad sa sakit, ang dati o kawalan ng pagkalanat sa sakit, at ang oras at lugar na pinangyarihan” (WHO w.p.).

Pero kung sa kasaysayan, maaaring pagbatayan ang depinisyon ng ito ni de Bevoise, sa ilalim ng “*epidemic disease*.”

“Excessive, a sudden enlargement or growth of what exists normally in the people so as to become something visited upon them. For any disease to affect many persons in a community at the same time, there must be an imbalance in factors of the total environment that would otherwise tend to ecological equilibrium (De Bevoise 7).

Kaugnay ng epidemya o *epidemic disease* ang *crisis mortality episode*. Ito ay ang abnormal na mga antas ng kamatayan sa mga parokya at karaniwang bunga ng mga epidemya o *epidemic diseases* (Peter Smith sinipi sa De Bevoise 10). Naging madalas ang mga *crisis mortality episodes* sa Pilipinas simula ng dekada 1860. Partikular na mula noong 1863 nang lumaganap ang kolera mula Maynila (na nadala rin dito galing sa labas ng kapuluan) hanggang Zamboanga. Mula Zamboanga, kumalat ang sakit hanggang Misamis, Cebu, at ang timog-silangang parte ng Negros (De Bevoise 10). Noong 1902-1903, kabilang sa mga pagkilos para masawata ang paglaganap ng kolera sa labas ng Maynila ay ang paghirang ng mga *health officer* at inspektor para matiyak ang pagtalima ng mga tao sa mga regulasyon, “mahigpit na kuwarantenas ng mga bayang may

impeksiyon,” pagpapatatag ng mga *sanitary cordon* at *observation camp*, paghihiwalay sa mga maysakit, kagyat na paglilibing sa mga nasawi dahil sa kolera, atbp. (*Census of the Philippines Islands 1903* Ikatlong Bolyum 51-52).

Nakadaragdag naman sa mga pangamba noong 1902-1903 ang mga hakbanging militar na isinagawa upang masawata ang paglaganap ng kolera. Nabanggit ito ni Reynaldo Iletto sa kaniyang pagtalakay sa kolera sa Timog Katagalugan at paano naging kasangkapan sa pasipikasyon ng mga Pilipino ang mga gawain para masawata ang nasabing sakit. Masalimuot ang konteksto ng pagsugpo ng kolera sa nasabing bahagi ng Luzon lalo na at patuloy pa rin ang tunggaliang militar ng mga Pilipino doon sa kabila ng mga tagumpay at paghihigpit pa ng mga Amerikano. Ani Iletto:

Various “combat zones” can be identified in the cholera war. Prominent among them was the issue of confinement. We have seen how quarantine lines crumbled before the more pressing need to obtain or sell food. Quarantine formed part of the broader objective of containing the disease. When the epidemic was first discovered in the Farola district, Worcester’s platoons attempted to completely cordon off the area in order to isolate the stricken and whoever had had contact with them (117)

Bukod sa digmaan, nakadagdag din ang mga agam-agam sa pagpapaospital. Narito naman ang konteksto ng mga pangamba sa pagpapagamot noon:

Confinement in hospitals for patients and in detention camps for contacts was almost as feared as the cholera itself. For one thing, hospitals during the Spanish regime were regarded as places “where people so unfortunate as to have no homes to die in might go to end their days. It was almost impossible to get any other class of persons into them.” Thus cholera victims “sometimes had to be taken to the hospital by force. Compounding the traditional aversion were some terrifying rumors, current from Manila to Cebu, “of horrible abuses in the detention camps, and of deliberate murder of patients at the cholera hospitals.” It was said that, on arrival, patients were given poisoned vino (cheap Spanish wine) and instantly dropped dead. There were also tales of strychnine poisoning, occasioned by its necessary use as a heart stimulant. Strict confinement

was premised on the then-prevailing notion in American medicine of disease as a purely biological and physical entity, a foreign agent, which must be excised from the healthy parts of society. The Filipino public, however, largely refused to dissociate the disease from the network of social relationships in which it appeared. Rumors, concealments, and evasions were various modes of resistance to an imposed definition of sickness and treatment (Iletto 117-118).

Sa Laguna, may mga kaso ng pagmamalabis sa pagsugpo ng kolera. Maihahalimbawa ang pagsunog sa ilang kabahayan sa Calamba at Lumbang (Iletto 119). Suliranin din ang *concentracion* sa mga tao lalo na at may digmaan pa noon sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano; ito ang nagpalala sa kolera sa San Pablo (Iletto 119). Subalit, may magagandang hakbanging nagawa para masugpo ang kolera. Maihahalimbawa ang pagtatalaga sa isang military commander, sa halip na siruhanong militar, sa Pila. Ani Iletto, nakapagbawas ito sa tensiyon sa pagitan ng mga taga-Pila at ng mga umookupang Amerikano, lalo na at napagpasiyahan ng opisyal na italaga ang mga dating kalaban nila bilang tagabantay sa pagpapakalat ng sakit sa nasabing bayan sa hilaga ng San Pablo (119).

Ibang sitwasyon naman ang masusumpungan sa mga siyudad, gaya ng sa Maynila. Sinunog ang mga bahay sa distrito ng Parola sa Tondo noong epidemya ng 1902. Sa kasagsagan din ng epidemya ng kolera noong 1902, maraming bangkay ang nagkalat sa pantiyon ng Tondo, dahil hindi na pinahintulutan ang pagpapalibing sa nasabing sementeryo. Naging solusyon ang pagsunog sa mga bangkay o ang kremasyon; subalit tumaliwas ito sa paniniwalang Katoliko ng mga Pilipino noon na tutol sa pagsunog sa katawan ng yumaog. Kaya gumawa ng malikhaing paraan ang mga opisyal para isagawa ito (120). Bukod pa rito, nakadagdag sa pangamba ng mahihirap sa Maynila ang paghihigpit sa kanilang mga tinitirhang pook at ang pagbabantay sa kanila ng mga kolonyal na awtoridad (120).

Pinakamahalagang mga sanggunian sa kolera sa Pilipinas ang mga akda nina Dean Worcester at ang pag-aaral ni Ronaldo Mactal. Ayon kay Mactal, na sumangguni naman ng ilang datos kay Worcester para sa epidemya ng kolera mula 1902 hanggang 1904, maituturing na epidemya ang mga pagkalat ng kolera noong unang dekada ng 1900s. Isang rason ay ang dami ng bilang ng mga kaso, bukod pa sa lawak ng mga lugar na sinalanta ng naturang sakit (Mactal 92-93). Sa

kaso ng Kabisayaan, unang naitala ang kaso ng kolera sa panahon ng mga Amerikano sa Samar at Leyte noong Mayo at Hunyo, 1902. Kung babalikan pa nga ang pag-aaral ni Abejo, ilang beses ding sinalanta ng kolera at iba pang kalamidad ang isla ng Samar noong dantaon 19. Ang pinakamalalang epidemya ng kolera sa Samar noong dantaon 19 ay naganap noong 1882-1883, na kumitil sa mahigit 14,820 na buhay, at siyang naging konteksto ng pag-usbong ng tinatawag na kilusang Dios-Dios (Abejo 122-130). Mula Samar at Leyte, kumalat noong Agosto sa Cebu at Bohol ang kolera; noong Agosto nagtala ang Cebu ng 1,363 kaso at 810 kamatayan (Mactal 93). Kung pagbabasehan ang mga datos na binanggît ni Mactal, tinamaan ang Cebu sa unang pangkalahatang epidemya (1902-1904) at ang epidemya sa Kabisayaan mula Hulyo-Disyembre 1909 (95, 97). Mas mataas ang bilang ng kaso at dami ng namatay sa una (14, 210 kaso, 9, 983 namatay) kaysa sa ikalawa (999 kaso 661 namatay) (Worcester 30 at Mactal 97). Kung sasangguniin ang senso ng 1903, nakapagtala ng 14.1 porsiyentong *death rate* ang Cebu para sa 1902-1903 na epidemya. Subalit, ang mga bilang na ito ay masasabing para sa kabuuang lalawigan sa halip na siyudad mismo. Kaya mahirap sa ngayong matukoy ang lawak ng pinsalang naidulot ng kolera sa mamamayan ng siyudad ng Sugbo.

Samantala, naging hadlang ang polisiyang Manila-sentriko ng mga Amerikano sa maagap sanang pagsugpo sa kolera sa Kabisayaan. May *lopsided* na pagtuon ng mga tauhan sa Maynila, na maliit ang sukat panlupa at dami ng tao, kung ihahambing sa suma total ng Kabisayaan (Mactal 98). Aniya:

Kung susuriin naman ang mga datos tungkol sa naging pananalanta ng kolera sa bansa, masasabing higit pa ring malubha ang epekto ng epidemya sa mga lalawigan sa Visayas kaysa sa siyudad ng Maynila. Kung paghahambingin ang naging pananalanta ng epidemya sa mga lalawigan at sa Maynila sa simula ng siglo, makikitang napakalayo ng agwat ng ilang probinsiya sa Visayas sa siyudad ng Maynila kung ang batayan ay ang bilang ng mga kaso at namatay dahil sa kolera.

...

Bagamat higit na mataas ang populasyon sa ilang lalawigan sa Visayas na mayroon ding mataas na bilang ng mga kaso at ng namatay dahil sa kolera, masasabing higit pa ring malala ang kalagayan ng mga ito kaysa sa lungsod ng Maynila. Ito ay sa pamamagitan ng antas ng pagkamatay o death rate sa mga probinsiya at sa lungsod

ng Maynila. Isang halimbawa noong 1902, sa bawat 1,000 katao, 16 lamang ang namatay sa kolera sa siyudad ng Maynila. Ito ay lubhang napakababa kung ihahambing sa 54 ng Iloilo, 42 ng Negros Occidental, at 27 ng Capiz (Mactal 98-100).

Marahil sa klase ng datos na nakuha ni Mactal kay Worcester, mapapansing hindi tugma ang hambingan ng siyudad at lalawigan. Kapansin-pansin ding hindi isinama ang Cebu bagamat kung titingnan ang bilang sa siniping datos ni Worcester, marami-rami rin ang kaso ng mga nagkasakit at namatay. Kung bakit mas priyoridad ang Maynila kumpara sa Kabisayaan? Isang maaaring dahilan ay narito ang karamihan sa mga Amerikano at nakasentro rito rin ang oposisyon sa mga patakaran ng bagong dating na mga mananakop (Mactal 100). Gawa ng Manila-sentrikong mga patakaran, nakadulot ito ng mga “perwisyo” sa mga lalawigan gaya ng di-pantay na pagtatalaga ng mga opisyal pangkalusugan sa mga lalawigan at Maynila, ang kabiguang magtatalaga ng *health/medical officer* at *municipal sanitary inspector* sa mga bayan gawa rin ng kakulangan sa pondo, at ang lawak ng mga nasasakupang lugar kompara sa bilang ng mga *district health officer* sa Antique, Capiz, Iloilo, Cebu, at Negros Oriental (102-103). Karagdagan pa ang kakulangan sa karanasang manggamot sa panahon ng epidemya ng mga doktor sa mga lalawigan (Mactal 103-105). Sa kabuuan, reaktibo at walang pangkalahatang planong rehabilitasyon/prebentibo ang naging tugon ng mga Amerikano sa epidemya ng kolera sa Kabisayaan (Mactal 101). Katulad ng pagpansin ni Ileta sa paggamit ng hakbanging-militar sa Timog Katagalugan, napuna ni Mactal na pangunahing layunin talaga ng mga Amerikano ay pagsugpo sa pagtutol sa kanila ng mga Pilipino, at hindi ang sa sakit na kolera mismo (100).

Sa pangkalahatan, nabigo ang mga Amerikano na mapuksa ang kolera na sumalanta sa Kabisayaan mula 1902-1910. Narito ang ilang dahilan:

- a.) “kawalan ng sistematikong plano at programa upang ganap na malunasan ang epidemya.”
- b.) *reactive* at *short-term plans* lamang ang naging pagtugon ng mga Amerikano (at marahil pati ng katulong nilang mga Pilipino)
- c.) Manila-sentrisimo ng patakaran at pamamalalakad ng gobyernong-kolonyal noon
- d.) kakulangan, kawalang-kakayahan, at kapabayaang ng mga doktor sa

mga probinsiya noon. Bukod pa rito, napipilitang magsisiksikan ang mga pasyente sa mga nabubulok at kulang-kulang na mga pasilidad (Mactal 109-110).

Bukod pa rito, kaya *vulnerable* ang mga tao sa mga lalawigan sa kolera noon ay dahil sa kahirapan. Gawa ng kadahupan ng *material resources*, “kulang din ang kanilang kakayahang magamot at mahadlangan ang sakit” at kailangan nilang mabuhay sa gitna ng pagkalat ng sakit (Mactal 109).

ANG LUNAN: SIYUDAD NG SUGBO

Ayon sa senso ng 1903, ang munisipalidad ng Cebu ay mayroong 31,000 katao at 34 na *barrio*. Samantala, ang *closer built-in part* ng Cebu, na ayon sa senso ng 1903 ay ang bahaging mas ituring na siyudad, ay mayroong 18,330 katao (*Census of the Philippine Islands 1903* Ikalawang Bolyum 159). Hiwalay pa rito ang bayan ng Mabolo. Samantala, may kalabuan kung saan inilahok, o kung isinama ba ang dating nagsasarili’t matandang lungsod o bayan ng San Nicolas, na sadyang inihugpong sa Cebu noong 1902. Bagamat sa aspektong politikal ay tila na-*demote* sa munisipalidad ang Cebu gawa ng pagkawala ng istatus nitong *ciudad* matapos lumisan ang mga Kastila, sa aspektong demograpikal at heograpikal ay lumalawak na ito bilang lugar na urbanisado. Nasira ang ilang bahagi ng siyudad sa pagsupil ng mga Español sa Aklasan ng Tres de Abril, 1898, na siyang hudyat ng pagsimula ng “Kagubot” o Himagsikan sa Cebu. Humantong naman ang mga pangyayari ng 1898 sa paglikas ng mga Español sa siyudad noong Disyembre ng nasabing taon. Subalit matapos humalili sa mga Pilipino ang mga Amerikano, nanumbalik din paglaon ang negosyo sa siyudad. Sa pagpasok ng dantaon 20, nasaksihan din nito ang “paglawak at panloob na pagkakabukod ng *urban area* (Mojares c 39):

In 1890, what was known as the Ciudad de Cebu was no longer the Spanish “city” but an area of one thousand square leagues, consisting of thirteen districts: Lutao, Pampango, Suba, Tinago, Maoco, Parian, Licod, Pili, Ermita, Zapatera, Carreta, Tejero, and Cogon. These districts had a total of 2,735 tribute-payers. By 1900, the city had 2,000 buildings and 14,800 inhabitants and had encompassed eighteen districts or barrios (Mojares-c 39).

Kasama sa pagpalawak noon ng siyudad ang pagsanib dito ng lumang bayan ng San Nicolas noong 18 Abril 1901 at ang paggapang ng *urban areas* patungo sa mabundok na bahagi gawa ng paglalalatag ng mga bagong kalsadang Jones Avenue at Mango Avenue (Mojares-c 43). Patuloy ang ekspansiyon ng siyudad sa kabila ng tatlong sunog na sumalanta sa sentrong komersiyal nito noong 1893, 1903, at 1905 (Mojares-c 41). Sa isang pagsasakasaysayan ng Digmaang Filipino-Amerikano sa Cebu, binanggit ni Mojares (d) ang mga epidemya at ibang kalamidad na tumama sa probinsiya noong dekada 1900. Tinawag niya itong “dekada ng kamatayan,” na nagsimula sa kapinsalaan ng pagsupil sa Aklasan ng Tres de Abril. Pinalala ito ng digmaan laban sa mga Amerikano, ng epidemya ng kolera ng 1902-1904, at ng pagkalat ng malaria, bulutong, beriberi (na sanhi ng kakulangan sa bitaminang *thiamine*), tuberculosis, at ketong (Mojares-d 132). Para sa kolera, nagtayo ang mga Amerikano at lokal na mga opisyal ng isang kampong detensiyon sa bayan ng Mabolo at tinawag itong Cholera Camp. Nanalanta rin ang mga balang at *rinderpest* sa probinsiya, at nakapinsala sa mga tanim at *livestock* (Mojares-d 132).

ILANG SULIRANIN SA PAGSALIN AT PAGSURI

May mga hamon sa pagsaliksik sa aktuwal na konteksto nitong *sugilanon* ni Vicente Rama. Una ay ang pagtunton sa petsa kung kailan naisulat ang kuwento. Hindi naisama ang petsa sa kalipunan kung kailan ito naipalimbag at saang lathalain ito unang lumabas; may hinala na maaaring sa *Bag-ong Kusog* mismo ito lumabas. Sa mga sumunod na pananaliksik, nabatid na sa isang lahok na bandang Nobyembre 1921 nailimbag sa dyaryo ang kuwentong ito. Maaaring may kinalaman din naman sa kahirapang matunton agad ang petsa ng pagkakalabas ang nabanggit dati ni Erlinda Kintanar-Alburo sa kahirapang makakuha ng kopya ng mga akda ni Rama ng Cebuano Studies Center. Ganito rin ang hinaing ni Renato Madrid sa kaniyang pambungad ng salin:

In his own Cebu, anybody interested can peruse a respectable Rama collection at the Cebuano Studies Center, in the campus of the University of San Carlos. This collection, however, is far from complete, the more satisfactory gathering of original material having been appropriated by the University of the Philippines (Diliman)

TABLE 4.—Civilized population of provinces and comandancias, by municipalities and barrios—Continued.

PROVINCE OF CEBÚ—Continued.

MUNICIPALITY AND BARRIO.	Civilized population.	MUNICIPALITY AND BARRIO.	Civilized population.	MUNICIPALITY AND BARRIO.	Civilized population.
BALAMBÁN—CON.		BORBÓN		CEBÚ—CON.	
Abukayan.....	698	Población.....	5,242	Sauang.....	1,445
Arpil.....	497	Kadaruhan.....	711	Subá.....	754
Biyasong.....	776	Lugo.....	497	Tapap.....	200
Buanoy.....	1,201	Managasi.....	1,006	Tejero.....	891
Kantuod.....	1,087	Nipa.....	1,182	Tinagó.....	925
Nangca.....	865	Pongol.....	222	Zapatera.....	995
Pongdol.....	1,066	Tagokan.....	1,213		
Singsing.....	1,131	Ungsó.....	315	COMPOSTELA	
				Población.....	5,602
BANTAYÁN		CÁRCAR		Bagalinga.....	1,405
Población (Binaobao).....	13,324	Población.....	31,895	Basak.....	353
Población (Santa Cruz).....	2,381	Bolinauan.....	4,017	Buluang.....	550
Población (Suba).....	1,093	Buonavista.....	2,606	Kabadyangan.....	488
Antipolo.....	1,768	Guadalupe.....	1,784	Kanamukan.....	571
San Agustín.....	843	Kalidngan.....	3,861	Kotkot.....	324
San Dámaso.....	1,685	Kanasohan.....	2,644	Mulao.....	1,209
San Isidro.....	826	Napó.....	4,079		702
San José.....	545	Ocaña.....	2,776	CONSOLACIÓN	
San Juan.....	1,615	Perillos.....	1,851	Población.....	5,511
San Vicente.....	897	Taedog.....	1,830	Danlag.....	975
Santa Bárbara.....	508	Valencia.....	435	Garing.....	620
Santo Niño.....	1,003	Valladolid.....	3,323	Pitogo.....	655
	161		2,689	Pulog.....	745
				Tayó.....	380
BARILI		CARMEN		Tolotó.....	858
Población.....	31,617	Población.....	6,821	Tugbóngán.....	817
Antipolo.....	1,909	Baring.....	2,269		461
Candugay.....	1,104	Corte.....	250	CÓRDOVA	
Carmelo.....	696	Pauls.....	529	Población.....	6,315
Daquil.....	2,711	Ipil.....	701	Bugsong.....	893
Gunting.....	2,121	Kantokong.....	823	Dayas.....	656
Japitan.....	663	Luyang.....	335	Gabl.....	797
Kagay.....	1,071	Natimaon.....	1,392	Katarman.....	1,132
Lourdes.....	1,223		522	Koron.....	409
Luhud.....	1,078	CATMÓN		Pilipog.....	213
Macgang.....	876	Población.....	7,027		332
Maghanoy.....	1,349	Baó.....	1,018		863
Majolos.....	789	Basak.....	1,066	DAAN-BANTAYÁN	
Mantayupan.....	1,753	Binonguanan.....	442	Población.....	14,735
Minolos.....	916	Daan Catmon.....	411	Agobó.....	434
Monpeller.....	1,268	Kangibuang.....	1,085	Badiang.....	421
Monserrat.....	1,376	Macaas.....	1,014	Bagay.....	33
Panell.....	1,051	Panalipan.....	1,239	Bakhaon.....	1,519
Pangpang.....	408		752	Balingasap.....	379
Patupat.....	1,116	CEBÚ		Bateria.....	264
Rizal.....	1,530	Balabag.....	31,079	Botoon.....	969
Rosario.....	1,630	Baod.....	688	Carnasa.....	148
Santa Cruz.....	398	Basak.....	1,398	Dalingding.....	285
Tubud.....	1,428	Bokauc.....	987	Dapdap.....	1,247
		Cantecla.....	428	Guingharsán.....	225
BOGÓ		Carreta.....	128	Guinsolongan.....	346
Población.....	14,915	Cogon.....	387		225
Anonang.....	2,271	Duljo.....	1,245	Kampompo.....	1,394
Banban.....	626	Ermita.....	547	Kapatók.....	59
Binabag.....	1,020	Fagina.....	1,075	Kausongag.....	687
Gairán.....	1,424	Guadalupe.....	1,053	Kaungpang.....	245
Guadalupe.....	886	Kanipaan.....	1,834	Kortehau.....	222
Kayang.....	1,469	Labangon.....	724	Lanao.....	274
La Paz.....	1,302	Laguna.....	2,064	Logon.....	308
Maitom.....	903	Licod.....	939	Look.....	224
Malligín.....	1,225	Lutaó.....	356	Magsaubay.....	580
Nailóng.....	1,309	Mambaling.....	1,521	Malbago.....	394
Odlot.....	692	Pampang.....	785	Malingin.....	193
Pulangbató.....	1,035	Pampango.....	433	Maya.....	188
	753	Panting.....	674	Mayjo.....	296
		Parlan.....	1,731	Pabó.....	152
BOLHOÓN		Panting.....	413	Pangadlawan.....	817
Población.....	7,299	Parlan.....	400	Panugnauan.....	69
Becrill.....	1,001	Pasil.....	1,581	Paypay.....	71
Granada.....	2,010	Pili.....	639	Pulgason.....	-859
Granada.....	696	Pongol.....	162	Sonimbang.....	298
Kandanlog.....	548	Sambag.....	547	Tapilon.....	443
Pardo.....	1,910	San Roque.....	2,146	Tominghá.....	524
San Antonio.....	846	Sangui.....	974		443
Talasy.....	288				

¹ The closer built part of this municipality, which may properly be regarded as the city of Cebú, has a population of 18,330.

during the early years of martial law. The said collection is supposedly kept in reserve at the main library for the well-publicized purpose of making it available to a greater number of students and aficionados of Philippine literature, from the entire archipelago. The papers of other Cebuano literary and musical notables, especially prime examples of Cebuano zarzuela and linambay, were similarly harvested, and the same promise made to the papers' rightful heirs.

To add difficulty to misfortune, however, the Rama collection cannot be consulted there, being in storage elsewhere, as we were informed. It has actually taken Vicente Rama over thirty years to be "processed" and will most likely require some more above average servicing (there were twenty-five volumes of his Bag-ong Kusog file turned over to the U.P.)...Work on this Reader had to be completed without recourse to the U.P. collection, while, in the meantime, Rama's work is daily being brought closer from extant to extinct through an agency more annihilating than the work of termites (Renato Madrid/Rudy Villanueva, 5-6).

Hindi pa malinaw sa tagasalin ngayon kung ano na ang kinahinatnan sa mga hinaing ni Madrid/Villanueva, na noong 2003 pa inilabas.

Kaugnay rito ay ang pagtunton kung alin sa mga epidemyang tumama sa Kabisayaan at Cebu ang tinutukoy sa kuwento. Pangatlo, sa aspektong heograpikal, bagamat sinabi na ang munisipalidad/lungsod/town of Cebu ang lunang pinangyarihan, walang binanggit kung saang partikular na parte ng Cebu ito nahitabo. May pagbanggit sa isang dulaan/plaza, subalit hindi iyon pinangalanan. Kung ibabatay ang konteksto ng lipunan ng siyudad ng Cebu noong unang dekada ng 1900, malamang ay sa Plaza Independencia ito idinaos. Mayroon ding pagbanggit sa pagpapatugtog ng mga kampana para sa agonyas. Hindi malinaw kung sa simbahan ba ito ng San Nicolas, sa Simbahan ng Sto. Nino, o sa Katedral. Hamon din ang pagtunton sa mga pahayagang pinahagingan ni Rama na nagbibigay ng maling impormasyon; maliban sa *El Defensor del Pueblo*, sadyang hindi sinabi nang hayagan ni Rama kung tinutukoy din ba niya rito ang *Ang Kamatuoran* ni Mariano Albao Cuenco at *Ang Suga* ni Vicente Yap Sotto o ang mga diyaryo rin ni Filemon Sotto. Interesante rin naman ang paggamit sa katagang *Bathala na matarung* at aking isinalin nang bahagya bilang

"Bathalang Makatarungan." Kapansin-pansin na bagamat mas ikinakabit sa Tagalog ang "Bathala" bilang "katutubo/poetikang" pantukoy sa Diyos, ginagamit na rin ito kahit ng ilang makata at manunulat na Sugbuanong Binisaya, sa halip na "Ginoo." Mainam tingnan sa ibang pagkakataon kung ano ang pagkakaparehas o pagkakaiba sa signipikasyon ng "Bathala" at ng "Ginoo" sa wikang Sugbuanong Binisaya.

Kabilang sa mga napansing suliranin ay ang pagsasalin mula Sugbuanong Binisaya patungong Filipino pero sa pamamagitan ng Ingles. Halimbawa, **lungsod, molupyo/ pumupuyo**, at **sanidad**. Sa orihinal na Sugbuanong Binisaya, para sa *lungsod*, ang madalas itumbas dito ay "town" sa Ingles o "bayan" sa Tagalog at Filipino. Subalit, maaari itong ikalito ng ibang mambabasa sa itinutumbas ngayon sa *lungsod* bilang *city*. Kaya marapat na isinalin sa Filipino ang "lungsod" bilang "bayan." Samantala, hamon naman ang pagsalin sa "molupyo" o "pumupuyo." Sinundan na lamang muna ng tagasalin ang itinumbas dito ni Madrid/Villanueva na *people* at isinalin naman sa "nakatira"/mamamayan. Panghuli, pinanatili pa rin ang paggamit ng orihinal na Sanidad, para mas sumalamin sa konteksto ng dekada 1900. Sa Filipino, itinutumbas sana ito bilang Kalusugan, bagamat nabanggit ng nanay na ang Sugboanon sa *health* ay *panglawas*. Minabuting panatilihin sa saling Filipino ang ilang katawagang pampagkain na taal lamang sa Sugbo: *tinapa*, *sunlutan* (*sea slug*), *tihi-tihi*, at *kinilaw*. Para naman sa ikalawang talata, sinundan rin ang pagbukod ng "Ano kaya ang nangyari" na unang ginawa ni Madrid/Villanueva sa kaniyang salin. Sa ganang akin, may bisang retorikal at biswal ang pagbukod na ito, na wala sa orihinal ni Rama. Sinundan rin ang paggamit ni Madrid/Villanueva ng tuldok sa halip na tutuldok o *colon* sa pagsisimula ng ilang diyalogo. Maaring ito ay bunga ng kaniyang *exposure* sa estilong pang-Amerikanong Ingles sa halip ng naunang tradisyon ng paggamit ng tutuldok na ginagamit sa mga diyalogo sa panitikang Sugbuanong Binisaya.

ARTEMIO ARANAS

1

Tahimik ang bayan, gayon din ang mga nakatira rito. Walang maririnig sa mga bahay: takot ang namamayani sa loob ng mga iyon. Hindi naman maririnig sa mga kalsada ang ingay na dating masusumpungan sa mga araw na nagdaan. Nawalan ng sigla ang mukha ng mga tao at marami sa kanila ay nakasuot ng itim na panluksa.

Ano kaya ang nangyari?

Isang malaking kalamidad ang dumating; isa itong kaparusahang ipinadala ng Langit sa mga tao. Ngayon ay lumaganap ang kalamidad: ito ang kolera. Nakamamatay ang sakit: bigla't biglang bumabagsak na lang at di bumabangon ang mga tao, na wala nang panahon upang humingi ng tulong sa Simbahan o sa mga manggagamot ng Sanidad.

Isang umaga, sa gitna ng pagsisiyasat ng mga opisyaes ng Sanidad at ng bayan, nakita nila ang isang bata estudyante ng hayskul na nakadungaw sa bintana ng bahay. Mukha siyang napakalungkot. Kabilang sa mga sumisiyasat ang isang manggagamot. Nang mapansin ng manggagamot ang dilaw na banderang nakasabit na pananda ng kuwarentenas, tumigil siya at nagtanong sa estudyante.

“Ilan ang namatay sa bahay na ito?”

“Apat. Ang aking ama, ina, at dalawang kapatid na babae.”

“Ano ang nangyari?”

“Pumunta sina Tatay at Nanay sa tiyangge para bumili ng makakain sa hapunan. Nakauwi silang may dalang *tinapa, sunlutan (sea slug-RJAA) at kinilaw*. Tinanong ko sila kung saan nila nabili ang kinilaw, lalo na at ipinagbawal ng Sanidad ang pagbenta nito. Sumagot sina Tatay at Nanay, nabili nila ito sa isang kakilalang babae na patagong nagbebenta ng mga pagkaing ipinagbabawal ng Sanidad. Pipigilan ko sana sila sa pagkain, pero sabay na sumagot ang Tatay at Nanay:

‘Bakit ka maniniwala sa mga taga-Sanidad? Basahin mo ang mga bagong dating na diyaryo, hindi mo ba masasabing ang kolerang ito ay gawa-gawa lamang ng mga inspektor para mayroon naman silang magawa at hindi mapagalitan o maalis sa tungkulin? Sa tiyangge, ganito ang usap-usapan lalo na ng makita nilang si Kadong, isa sa kanila, na kumain ng *sunlutan, tihi-tihi, puso*, at iba pang ipinagbabawal na pagkain, at pagkatapos naman ay uminom ng *tuba*. Bakit, walang nangyaring masama sa kanya? Ang di-maganda sa inyong kabataan, porke’t natututo kayo ng kaunting Ingles at nakasasalita ng *dis is a bol*, sa sarili n’yo na lang kayo naniniwala at di sa inyong nakatatanda. Dati, wala namang sanidad, inspektor, nars, doktor, o *pinikada (disinfectant)*, pero dumarating minsan lang sa sandaang taon ang kolera. Ngayong may tinatawag kayong kaunlaran, nariyan na sa atin ang kolera.’

“Ginoo, ‘di na po ako sumagot sa kanila at ako’y kumain na lamang ng hapunan,” tugon ng estudyante. “Napakalungkot ng nangyari kinagabihan. Namatay ang aking ama, ina, at ang aking dalawang kapatid na babae na pinilit

nilang kumain.”

Nagtanong ang manggagamot:

“Ano ba ang akala ng mga tao sa bayan? Na ang mga manggagamot at inspektor ng sanidad ang nagdala ng kolera?”

“Maraming tao ang hindi naniniwala sa ganyan. Pero, ang aking ina, naniwala gaya ng iba naming kapitbahay. Nakabasa siya sa isang dyaryo ng isang artikulong nagsabi na ang mga kawani ng Sanidad, para masabing may magawa, ay nagpapakalat ng sakit gaya ng kolera, para magkagulo ang bayan at tumaas ang kanilang suweldo.”

Napailing ang doktor at nagsabing: “Ang laki ng kasalanan at pinsalang naidulot ng nasabing mga pahayagan!”

Tumuloy ang manggagamot sa pagsisiyasat sa ibang mga bahay. Nakita niya sa tatlo pang tahananang napuntahan ang parehas na sitwasyon: may mga namatay sa kolera dahil sumuway sa mga iniutos ng sanidad at naniwala sa mga sabi-sabi na hindi naman nakahahawa ang kolera at sa halip ay gawa-gawa lamang ito ng mga doktor para masabing may magawa sila para sa bayan.

Anim na raan ang namatay sa bayan gawa ng kolera. Sa loob ng dalawang linggo, maririnig ang malungkot na pagbagting ng kampana ng agonyas. Walang tigil naman ang padre kura sa pagbibigay ng espiritwal na tulong sa mga naapektuhan.

Lumipas ang isang buwan nang humupa ang epidemyang labis na nagpatahimik sa bayan. Subalit, nag-iwan ito ng hindi masukat na pighati at pagluluksa sa maraming tahanan.

Sa panahong tila kumukulong at kumikidlat na sa kalangitan, doon lamang sila nananalig kay Santa Barbara. Ganoon din ang nangyari sa bayan. Ang mga tao ay napilitang lumayo sa kaligayahan, luho, at pang-aaliw dahil kanilang nabatid ang parusa’t paghuhukom ng Bathalang Makatarungan.

Kung gayon, maraming nakatatanda ang sumasali sa prusisyon tuwing gabi. Tinatawag ding mga *antipon* at *aurora* ang nasabing mga prusisyon. Ang mga taong pumunta rito ang siyang pumapalit sa umuunting bilang ng kabataang sumasali, na dati-rati ay mga katuwang ng nakatatanda sa mga prusisyon at ibang gawain sa Simbahang Katoliko.

2

Isang araw, nagkagulo ang mga mamamayan sa kabesera ng lalawigan. Ito’y gawa ng sabay-sabay na pagpuna, pagpula at paghamon ng apat na pahayagan sa Opisina ng Sanidad sa pamamagitan ng araw-araw

na pagpapalathala ng mga artikulo. Lumitaw paglaon na naging reaksiyon iyon ng mga pahayagan sa isang sinasabing ulat ng doktor ng Sanidad. Ang nasabing ulat ay naipalimbag sa ibang peryodiko at siyang dahilan ng pagkapahiya ng ilang manunulat. Ayon sa ulat:

Maaari nang makahinga nang maluwag ang bayan gawa ng aming pagsisikap na masugpo ang kolera. Sasabihin ko na ang dahilan ng maraming kamatayan sa epidemya: hindi kasi naniniwala ang mga tao sa mga rekomendasyon at utos ng mga tauhan ng Sanidad at tumatakas kapag nakakakita ng inspektor. Naniwala rin kasi ang mga tao sa mga walang-basehang pahayag sa *El Defensor del Pueblo*. Ipinagkakalat ng pahayagan na di nakakahawa ang kolera, di dapat ito katakutan, at dinala ito ng mga kawani ng Sanidad. Pinuntahan ko ang lahat ng mga bahay ng mga namatayan. Nabatid kong nagpalala sa pagkalat sa sakit ang pagsuway ng mga tao sa mga utos ng Sanidad, pagsuway na ginatungan ng nasabing pahayagan. Iniiwasan ang mga nars, samantalang ang mga lider sa pamayanan at pulis, 'di rin sila makatulong sa amin sapagkat ayaw nilang maging kalaban ang mga mamamayan. Sa aking pag-unawa, marapat lamang na dalhin ang usapin sa hukuman, upang litisin ang mga manunulat na iresponsable at walang nalalaman.

Gawa ng ulat na ito, sabay-sabay na pinulaan ng apat na pahayagan ang Sanidad. Sigaw ng ilan: "WALISIN ANG MGA HUWAD SA SANIDAD!" Ang iba naman ay humihinging: "MAGBITIW, MGA EKSPERTONG MAHANGIN!" Karamihan naman sa mambabasa, na nagbabasa lamang para makasagap ng mga balita patungkol sa mga pagdukot at ibang kagila-gilalas na gawain, at ang paglantad sa mga itim na lihim ng ilang personalidad, nagustuhan at pinaniwalaan ang mga pag-atake. Subalit, ni bulong ay magsasambit sila kapag patungkol na sa malalaking usaping patungkol sa ating Lupang Sinilangan. Paglaon, ang mga opinyon ng nakararami ay nahati sa dalawa: ang isa ay pumanig sa Sanidad, samantalang kakampi naman ng mga pahayagan ang isa pang panig.

3

Nagsawalang-bahala ang mga pinuno ng lalawigan sa mga nangyari; sila'y nagbulag-bulagan at nagbingi-bingihan. Ang mga tumakbo noon sa halalan, pinanigan ngayon ang apat na lathalain at nakisali sa pagpula sa Sanidad. Pahayag pa ng ilan: "Posibleng walang kasalanan ang Sanidad, pero ano ang makukuha natin kung kakampi tayo diyang? Wala pang 20 ang mga kawani nito,

at ang tatlo pa nga ay mga walang-silbi! Kaya, bomba! Bomba! Dahil ang bayan, kahit saang bahagi nito, kaaway ang Sanidad."

Naging mainit ang mga debate, sa mga sinehan man o botika, sa mga nagbebenta ng sorbetes o maski sa mga barberya. Sa isang pagupitan, ang may-aring barbero, sa gitna ng mainit na debate, kinuha ang kaniyang gunting at nagbantang sasaksakin ang taong magtatanggol sana sa Sanidad. At nagdagdag sa malakas na boses: "Iyang mga inspektor! Malaking abala ang kanilang ibinigay sa akin! Labindalawang taon na akong nanggugupit, at di ako gumamit ni mainit na tubig, palanggana, o stove. Hindi ko rin hinuhugasan ang mga gunting at labaha, at hanggang ngayon, 'di ko masasabing marumi ako. Pero ngayong may ipinapataw nang buwis, nagpapakita sa akin at nagtatanong... Nasaan na ang mainit na tubig, disinpektante, malinis na tuwalya at kupo, kasi kailangang maghugas ng kamay, dapat linisin sa mainit na tubig ang labaha, suklay, gunting' at kung ano-ano pa! Hala, labanan itong Sanidad dahil sila naman ang nagdala ng mga mikrobyo!"

Bukod pa rito, naiulat din sa apat na lathalain ang kinasapitan ng isang inspektor ng Sanidad. Nagbigay siya ng tinapay sa isang bata na anak ng pulubi. Tuloy, hinabol siya ng mga tao gamit ang mga kahoy, bahi, korta, mga patalim, at iba pang sandata. Sabi pa nila, nanlason ang inspektor at siya pa ang nagpapakalat ng kolera.

Paglaon, sa pagpapatuloy ng kampanya ng apat na lathalain, sila ay nagpatawag ng pulong sa bayan. Layunin ng pulong ang paghingi sa pagpapalit sa Pinuno ng Sanidad pati na ang doktor na nagpadala ng ulat dahil sa hindi nila pagsangguni sa *opinion publica* sa pagtuligsa sa isang pahayagang kilala sa pagiging patas, tagapaglaban sa kapakanan ng madla, at sa taglay nitong kaalaman.

Habang inihahanda ang pulong, ipinapadala na ang mga telegrama ng balita sa Maynila. Sinisisi naman sa Pinuno ng Sanidad ang lahat ng maling maaaring masisi sa opisina.

4

At sumapit na ang araw ng pulong. Napupuno ang plaza ng mga taong nais manood. Pinangunahan ang pulong ng patnugot ng apat na diyaryo, kasama na ang kanilang mga tagasunod at mga empleyado.

Nagsimula sa maaanghang na pananalita ang lahat ng nagtalumpati. Lahat sila, tinutuligsa ang mga hakbang ng Sanidad, at nagkasundong ibunton ang lahat ng sisi sa opisinang iyon. Mayroong isang konsehal, na

kilala sa pagkamaingay at pagkatuso sa usaping pananalapi, ang sumigaw ng “Vox populi, vox Dei!” Ito ay para makilala siya ng mga botante sa darating na halalan. Ngayon, ang “Vox populi, vox Dei” ay mga katagang kaniya lamang nabasa sa isang librong ipinamana ng lolo niya. Hindi kinalimutan ng konsehal ang mga katagang iyon, lalo na at dahil sa wikang Latin, kaniyang magagamit ito sa mga miting.

Natapos na ang lahat ng talumpati, at may binubuo nang resolusyon laban sa Sanidad. Subalit, tumayo ang isang kabataang nakasuot ng Amerikanang itim. Ipagtatanggol niya umano ang mga ginawang pagkilos ng Sanidad. At siya ay nagsalita: aniya, maling sabihing hindi napaglingkuran ng Sanidad ang kapakanan ng bayan. Mali rin umano sabihin na ang tinig ng apat na pahayagan ay tinig na ng bayan sa kabuuan.

Subalit, hindi lahat ng mga nanonood ay nakinig sa kaniya. Mayroong mga sumigaw laban sa kabataang iyon. Tumayo naman ang kilalang konsehal at sumigaw muli: “VOX POPULI VOX DEI!” Subalit, hindi siya marinig gawa ng ingay mula sa mga nanonood. Pinahintay muna ng kabataan na humupa ang unos. Muli siyang tumayo at nagsalita:

“Mga Ginoo: kaya n’yo ba talagang supilin ang karapatan ng isang tao? Ito ba ang inyong klase ng katarungan na huwag pakinggan at subukang pababain ang isang nagsasalita? Ito ba ang sinasabi ninyong bayang maayos at mabait? Hindi, hindi. Ang bayang naniniwala sa katotohanan ay ‘di nanunupil at nakikinig sa lahat.” Tila tigreng humiyaw ang mga tao. “Kung kayo ay makatwiran, bigyan ninyo ako ng pagkakataong magsalita pa kahit sandali.”

Nagpatuloy ang kabataan: “Akin namang sasabihin sa inyo na walang kasalanan ang Sanidad sa nangyayari ngayon. Sa halip, ang mga may-sala ay ang diyaryong inyong pinanigan.” Siya namang ipinakita niya ang kopya ng nasabing pahayagan.

“Totoo ang ulat ng manggagamot ng ating bayan sa pagsasabing lumaganap ang kolera gawa ng pagpapaniwala ng mga tao sa mga maling detalye at mga haka-haka sa mga pahayagan. Naniwala ang mga tao na hindi makahahawa ang kolera, at ang sakit ay gawa-gawa ng mga inspektor at doktor.”

“Hetong suot ko ngayong maitim na damit, galing yan sa mga kalokohan ng mga pahayagan, galing iyan sa mga iresponsableng manunulat na iyon. Hindi sana namatay ang aking mga magulang at kapatid kung hindi nila nabasa ang maling mga akala sa bahaging Bisaya ng nasabing maruming pahayagan. Kahit anong parusa ang ipuwedeng ipataw sa mga manunulat na ito,

hinding-hindi nila mababayaran ang mga buhay na nawala at ang pinsalang naidulot sa ating bayan. Itong pahayagan, pati na ang mga kapwa diyaryo nito, pinapaniwala ang mga tao na hindi nakakahawa ang kolera at gawa-gawa ito ng mga doktor at inspektor ng Sanidad. Dahil dito, hindi naniwala ang mga tao sa mga utos ng Sanidad kaya sila-pati ang aking pamilya- sinalanta ng kolera at namatay. Ito ang malaking krimen!”

“Kung naghahanap kayo ng taong mapaparusahan, kung naghahanap kayo ng mga may kasalanan sa mga kahindik-hindik na pangyayari sa atin, puntahan ninyo ang tanggapan ng pahayagan. Hindi ang Sanidad na siyang nagligtas sa atin, at nagsugpo pa sa kolera.”

5

Dahil nakakadala ang talumpati ng kabataan, dahil kampante siya sa kaniyang tindig, napahiyaw na lamang ang mga tao ng “Mabuhay ang Sanidad!” at “Mamatay na ang mga hangal na manunulat!” Nabihag ang mga tao sa pananalita ng kabataan. Nakaantig din ang kaniyang pagsasalaysay sa kamatayan ng kaniyang mga magulang, mga kapatid, at iba pang mamamayan.

Samantala sa ibaba, ang mga tao ay hindi mapakali, hinahanap ang mga nag-organisa ng pagpupulong dahil di na sila makita. Ang tanyag na kagawad, muling sumigaw ng “Vox Populi, Vox Dei!” subalit siya ay pinagsisigawan ng mga tao, at tinapunan pa siya ng upos.

Lumapit naman sa kagawad ang isang lalaking namatayan ng asawa dahil sa kolera. At nagsalita ang lalaki: “Tinitingala lang namin ang mga manunulat na kagalang-galang at may dangal. Subalit, ang mga manunulat at kaaway ng Sanidad, na nagkakalat lamang ng kasinungalingan at naging sanhi ng kamatayan ng maraming tao- nararapat sa kanila ang pagkamuhing mga tao sa bayan!”

Nabigo sa kalaunan ang pagpupulong gawa ng pagtakas ng mga nag-organisa nito. Subalit, nahubaran na ng mga tao ang maskara ng kanilang panlilinlang, salamat na rin sa matapang na pagbunyag ng estudyanteng hayskul na iyon na nagngangalang Artemio Aranas. At doon natatapos ang pangyayari. ♦

MGA SANGGUNIAN:

- Abejo, Raymund. "Mga Kalamidad at ang Rebelyong Dios-Dios sa Samar noong Dantaon 19." *Philippine Social Sciences Review*, 57 (1-4), 2005, 115-142, Nakuha sa <https://journals.upd.edu.ph/index.php/psr/article/view/1961>. Kopyang Portable Document Format.
- Alburo, Erlinda. "History and the Prewar Cebuano Novel." *Philippine Studies*, 55 (4), 2007, 479-508, Nakuha sa <https://www.philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/view/180/0>. Kopyang Portable Document Format.
- Census of the Philippine Islands Taken Under the Direction of the Philippine Commission for the year 1903*. Ikalawang Bolyum. United States Bureau of the Census. Kopyang Portable Document Format mula sa <https://archive.org/details/censusphilippin01ganngoog>.
- Census of the Philippine Islands Taken Under the Direction of the Philippine Commission for the year 1903*. Ikatlong Bolyum. United States Bureau of the Census. Kopyang Portable Document Format mula sa <https://archive.org/details/censusphilippin01ganngoog>.
- Francia, Benito. *Unas palabras Filipinas sobre el cólera en [Texto impreso]: epidemia de 1888 1889: memoria publicada por Benito Francia y Ponce de León*. Tipolitagrifa de Chofre y Comp., 1889. Biblioteca Nacional de España, Nakuha sa <http://bdh-rd.bne.es/viewer.vm?id=0000044765&page=1>, Na-access Nobyembre 15, 2020.
- De Bevoise, Ken. *Agents of Apocalypse: Epidemic Disease in Colonial Philippines*. New Day Publishers, 2002. Philippine Edition. Limbag.
- Ileto, Reynaldo. "The U.S. Conquest." sa *Knowledge and Pacification: On the U.S. Conquest and the Writing of Philippine History*. Ateneo de Manila University Press: 2017, 103-126. Limbag.
- Mactal, Ronald. "Ang Epidemya ng Kolera sa Visayas at ang Implikasyon nito sa Patakarang Pangkalusugan ng mga Amerikano sa Pilipinas, 1902-1910." *Malay*, XVII (1 at 2), Agosto 2003, 90-111. Nakuha sa <https://ejournals.ph/article.php?id=7862>. Na-access Nobyembre 15, 2020.
- Madrid, Renato. "Editor-Translator's Preface." Pambungad sa *The Vicente Rama Reader: An Introduction for Modern Readers*. Ateneo de Manila University Press, 2011. 10-12. Salin sa Ingles ni Renato Madrid/P. Rudy Villanueva 1-9. Limbag.
- Mojares, Resil. "Vicente Rama: An Introduction." Pambungad sa *The Vicente Rama Reader: An Introduction for Modern Readers*. Ateneo de Manila University Press, 2011. 10-12. Limbag.
- _____. *Origins and Rise of the Filipino Novel*. University of the Philippines Press. 1983 [1998]. Limbag.
- _____. *Casa Gorordo in Cebu: Urban Residence in a Philippine Province, 1860-1920*. Ramon Aboitiz Foundation, Inc, 1983[2017]. 39-43. Limbag.
- _____. *The War Against the Americans: Resistance and Collaboration in Cebu, 1899-1906*. Ateneo de Manila University Press, 1999. Limbag.
- Newson, Linda. *Conquest and Pestilence In the Early Philippines*. Ateneo de Manila University Press, 2011. Limbag.
- Rama, Vicente. "Artemio Aranas." sa *The Vicente Rama Reader. An Introduction for Modern Readers*. Ateneo de Manila University Press, 2011. 304-311. Salin sa Ingles ni Renato Madrid/P. Rudy Villanueva 164-171. Limbag.
- Definitions: emergencies*. World Health Organization. Nakuha sa <https://www.who.int/hac/about/definitions/en/>. Na-access Agosto 3, 2020.



Kasalukuyang nagtuturo si ASST. PROFESSOR JEFFREY AGUSTERO ASUNCION sa Dibisyon ng Kasaysayan, Kagawaran ng Agham Panlipunan sa UP Los Baños. Nanaliksik siya sa kasaysayang rehiyonal ng Gitnang Visayas at ang kasaysayang urban ng Cebu City. Interesado din siya sa pagsasalina at ang pag-aaral ng mga diskurso sa kasaysayan ng ating bansa. Maaari siyang makontak sa raasuncion2@up.edu.ph.